



Social Security

# Mga Benepisiyo Para Sa Kapansanan

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)

## Tawagan ang Social Security

### Bisitahin ang aming website

Ang aming website, [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov), ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Mag-apply para sa pagreretiro, pagkakabalda, at mga benepisong Medicare;
  - Makuha ang address ng lokal na tanggapan ng iyong Social Security;
  - Repasuhin ang iyong *Statement ng Social Security*;
  - Humiling ng kapalit na Medicare card; at
  - Maka-hanap ng mga kopya ng aming mga publikasyon.
- Ang ilan sa mga serbisyong ito ay makukuha sa Ingles.

### Tumawag sa aming lib्रेng numero

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang mga awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika o interpreter upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa pangkalahatan, hindi mo na kailangang maghintay nang matagal kung ikaw ay tatawag sa loob ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

## **Ano ang nasa loob**

**Mga benepisiyo para sa kapansanan . . . . . 4**

---

**Sino ang makakakuha ng mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan? . . . . . 4**

---

**Paano ako mag-hahain para sa mga benepisiyo para sa kapansanan? . . . . . 7**

---

**Kailan ako dapat mag-hain at anong impormasyon ang kailangan ko? . . . . . 8**

---

**Sino ang magpapasiya kung ako ay may kapansanan? . . . . . 9**

---

**Ano ang mangyayari kapag ang aking kahilingan ay naaprubahan? . . . . . 14**

---

**Maaari bang makakuha ng mga benepisiyo ang aking pamilya? . . . . . 15**

---

**Paano naapektohan ng ibang mga pagbabayad ang aking mga benepisiyo? . . . . . 15**

---

**Ano ang kailangan kong sabihin sa Social Security? 16**

---

**Kailan ako makakakuha ng Medicare? . . . . . 17**

---

**Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa pagtatrabaho? . . . . . 17**

---

**Ang Programa na ‘Ticket to Work’ . . . . . 18**

---

## Mga benepisiyo para sa kapansanan

Ang kapansanan ay isang bagay na ayaw pag-isipan ng karamihan ng mga tao. Ngunit ang mga pagkakataon na ikaw ay magkakaroon ng kapansanan ay mas malaki siguro kaysa sa inaakala mo.

Ipinapakita ng mga pag-aaral na ang isang 20 taong gulang na manggagawa ay mayroong 3-sa-10 pagkakataong magkaroon ng kapansanan bago niya marating ang kabuuang edad ng pagreretiro.

Ibinibigay ng librito na ito ang saligang impormasyon tungkol sa mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan at hindi nito binabalak na sagutin ang lahat ng mga katanungan. Para sa tiyak na pagpaliwanag tungkol sa iyong kalagayan, dapat mong kausapin ang isang kinatawan ng Social Security.

Nagbabayad kami ng mga benepisiyo para sa kapansanan sa ilalim ng dalawang programa: ang programa ng insurance ng Social Security para sa kapansanan at ang programa ng Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad) (SSI). Ang librito na ito ay tungkol sa programa ng Social Security para sa kapansanan. Para sa impormasyon tungkol sa programa ng SSI para sa mga taong may sapat na gulang na may kapansanan, tingnan ang *Supplemental Security Income (Karagdagang Perang Pangseguridad, SSI)* (Publikasyon Blg. 05-11000-TL). Para sa impormasyon tungkol sa mga programa para sa mga batang may kapansanan, tingnan ang *Mga Benepisiyo Para sa Mga Batang May Mga Kapansanan* (Publikasyon Blg. 05-10026-TL). Ang aming mga publikasyon ay makukuha online sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov).

## Sino ang makakakuha ng mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan?

Ang Social Security ay nagbabayad ng mga benepisiyo sa mga taong hindi makakapagtrabaho dahil sila ay may medikal na karamdaman na malamang manatili ng kahit man lamang isang taon o maging dahilan ng kamatayan. Iniaatas ng pederal na batas ang napakahigpit na pagpapaliwanag ng kapansanan. Habang ang ilang mga programa ay nagbibigay ng pera sa mga taong may kaunting kapansanan o may kapansanang hindi magtatagal, hindi ito ginagawa ng Social Security.

Ang ilang mga kapamilya ng mga manggagawang may kapansanan ay makakatanggap din ng pera mula sa Social Security. Ito ay ipinapaliwanag sa pahina 14.

## **Paano ko matutupad ang pangangailangan sa kita para sa mga benepisiyo para sa kapansanan?**

Sa pangkalahatan, upang makakuha ng mga benepisiyo para sa kapansanan, dapat mong matupad ang dalawang magkakaibang pagsusuri ng kita:

1. Isang pagsusuri ng “kamakailan lamang na trabaho” batay sa iyong edad nang ikaw ay nagkaroon ng kapansanan; at
2. Isang pagsusuri ng “katagalan ng panahon ng trabaho” upang ipakita na sapat na panahon ka nang nagtrabaho sa ilalim ng Social Security.

Kailangan lamang matupad ng ilang mga bulag na manggagawa ang pagsusuri ng “katagalan ng panahon ng trabaho”.

Ang sumusunod na na talahanayan ay nagpapakita ng mga patakaran kung gaano karaming trabaho ang kailangan mo para sa “kamakailan-lamang na trabaho” (recent work) na pagsusuri batay sa iyong edad nang magsimula ang iyong kapansanan. Ang mga patakaran sa palangguhit na ito ay batay sa mga **sangkapat na kalendaryo (calendar quarter)** kung kailan ka naging o magiging isang takdang edad.

Ang mga sangkapat na kalendaryo ay:

**Unang Sangkapat:** Ika-1 ng Enero hanggang ika-31 ng Marso;

**Pangalawang Sangkapat:** Ika-1 ng Abril hanggang ika-30 ng Hunyo;

**Pangatlong Sangkapat:** ika-1 ng Hulyo hanggang ika-30 ng Setyembre; at

**Pang-apat na Sangkapat:** ika-1 ng Oktubre hanggang ika-31 ng Disyembre.

**Mga patakaran para sa trabaho na kinakailangan para sa “pagsusuri ng kamakailan lamang na trabaho”**

<i>Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan...</i>	<i>Karaniwan mong kailangan ang:</i>
Sa o bago ng sangkapat kung kailan ka magiging 24 taong gulang	1.5 taon ng trabaho sa tatlong-taong panahon na magtatapos sa sangkapat kung kailan nagsimula ang iyong kapansanan.
Sa sangkapat pagkatapos mo naging 24 taong gulang ngunit bago ng sangkapat kung kailan ka magiging 31 taong gulang	Trabaho sa kalahati ng panahon para sa panahong magsisimula sa sangkapat pagkatapos ka naging 21 at magtatapos sa sangkapat kung kailan ka nagkaroon ng kapansanan. Halimbawa: Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan sa sangkapat kung kailan ka naging 27 taong gulang, kakailanganin mo ang tatlong taon ng trabaho sa anim na taong panahon na magtatapos sa sangkapat kung kailan ka nagkaroon ng kapansanan.
Sa sangkapat kung kailan ka naging 31 taong gulang o pagkatapos noon	Trabaho sa limang taon sa 10-taong panahon na magtatapos sa sangkapat kung kailan nagsimula ang iyong kapansanan.

Ang sumusunod na talangguhit ay magpapakita ng mga halimbawa kung gaano karaming trabaho ang kailangan mo upang matupad ang “pagsusuri ng katagalan ng panahon ng trabaho” kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan sa iba’t-ibang mga piniling edad. Para sa pagsusuri ng “katalagan ng panahon ng trabaho”, ang iyong trabaho ay hindi kailangang pumatak sa loob ng isang takdang panahon.

**PAUNAWA:** *Hindi sinasaklaw ng talangguhit na ito ang lahat ng mga kalagayan.*

## Mga halimbawa ng trabahong kinakailangan para sa pagpasiya ng “katagalan ng panahon ng trabaho”

<i>Kung ikaw ay nagkaroon ng kapansanan...</i>	<i>Karaniwan mong kailangan ang:</i>
Bago ng 28 taong gulang	1.5 taon ng trabaho
30 taong gulang	2 taon
34 taong gulang	3 taon
38 taong gulang	4 na taon
42 taong gulang	5 taon
44 taong gulang	5.5 taon
46 taong gulang	6 na taon
48 taong gulang	6.5 taon
50 taong gulang	7 taon
52 taong gulang	7.5 taon
54 taong gulang	8 taon
56 taong gulang	8.5 taon
58 taong gulang	9 na taon
60 taong gulang	9.5 taon

## Paano ako mag-hahain para sa mga benepisiyo para sa kapansanan?

May dalawang paraan upang makapag-hain ka para sa mga benepisiyo para sa kapansanan. Maaari kang:

1. Mag-apply online sa [www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov); o
2. Tumawag sa aming libreng numero, **1-800-772-1213**, upang makipag-appointment sa paghain ng isang kahilingan sa kapansanan (disability claim) sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security o makipag-appointment para mayroong tumanggap ng iyong kahilingan sa telepono. Ang mga kahilingan sa kapansanan ay nagtatagal nang humigit-kumulang isang oras. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**, sa pagitan ng alas-7 ng umaga at alas-7 ng gabi sa mga araw ng trabaho. Kung iyong itinakda ang isang appointment, padadalhan

ka namin ng ‘Disability Starter Kit’ upang tulungan kang makapagtanda sa iyong panayam para sa mga kahilingan sa kapansanan. Ang Disability Starter Kit ay makukuha online sa [www.socialsecurity.gov/disability](http://www.socialsecurity.gov/disability).

## Kailan ako dapat mag-hain at anong impormasyon ang kailangan ko?

Dapat kang mag-hain para sa mga benepisiyo para sa kapansanan oras na ikaw ay nagkaroon ng kapansanan. **Maaaring abutin nang matagal ang pagproseso ng isang aplikasyon para sa mga benepisiyo para sa kapansanan (tatlo hanggang limang buwan).** Upang makapag-apply para sa mga benepisiyo sa kapansanan, kailangan mong kumpletuhin ang isang aplikasyon para sa mga benepisiyo sa Social Security at ang Ulat ng Kapansanan (Adult Disability Report). Maaari mong kumpletuhin ang Disability Starter Kit online sa [www.socialsecurity.gov/disabilityreport](http://www.socialsecurity.gov/disabilityreport). Maaari mo ring i-print ang Ulat ng Kapansanan, kumpletuhin ito ay ibalik ito sa iyong lokal na tanggapan ng Social Security. Maaari naming iproseso ng mas mabilis ang iyong aplikasyon kung tutulungan mo kaming makakuha ng anumang ibang impormasyon na kailangan namin.

Kabilang sa impormasyon na kailangan namin ang:

- Iyong numero ng Social Security;
- Iyong sertipiko ng kapanganakan o binyag;
- Mga pangalan, address at numero ng telepono ng mga doktor, caseworker, mga ospital at mga klinika na nag-alaga sa iyo at mga petsa ng iyong pagpunta;
- Mga pangalan at mga dosis ng lahat ng mga gamot na ginagamit mo;
- Mga talaang medikal na nasa iyo mula sa iyong mga doktor, mga therapist, mga ospital, mga klinika at mga caseworker;
- Mga resulta ng laboratoryo at pagsusuri;
- Isang buod ng kung saan ka nagtrabaho at ang uri ng trabahong ginawa mo; at
- Isang kopya ng iyong pinakabagong W-2 na Pormularyo (Wage and Tax Statement, Pahayag ng Suweldo at Buwis) o kung ikaw ay self-employed (nasa sariling empleyo), ang iyong federal tax return para sa nakaraang taon.



Maliban sa saligang aplikasyon para sa mga benepisiyo para sa kapansanan, may mga ibang pormularyo na kailangan mong sagutin. Ang isang pormularyo ay nangongolekta ng impormasyon tungkol sa iyong medikal na karamdaman at kung paano nito naaapektohan ang iyong kakayahang magtrabaho. Ang ibang mga pormularyo ay nagbibigay ng pahintulot sa mga doktor, mga ospital, at iba pang mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan na gumamot sa iyo na ibigay sa amin ang impormasyon tungkol sa iyong medikal na karamdaman.

Huwag ipagpaliban ang mag-hain para sa mga benepisiyo kung hindi mo kaagad makukuha ang lahat ng impormasyong ito. Tutulungan ka naming kunin ito.

## **Sino ang magpapasiya kung ako ay may kapansanan?**

Suriin namin ang iyong aplikasyon upang masigurado na natutupad mo ang ilang mga saligang pangangailangan para sa mga benepisiyo para sa kapansanan. Titingnan namin kung mayroon kang sapat na bilang ng taong pagtrabaho upang maging-marapat. At tatasahan namin ang anumang mga kasalukuyang gawain sa trabaho. Kung natutupad mo ang mga pangangailangang ito, ipapadala namin ang iyong aplikasyon sa tanggapan ng Disability Determination Services (Mga Serbisyo sa Pagpapasiya tungkol sa Kapansanan) sa iyong estado.

Kukumpletohin ng ahensiya ng estado na ito ang pagpapasiya sa kapansanan para sa amin. Hihilingin ng mga doktor at mga espesyalista sa kapansanan sa ahensiya ng estado sa iyong mga doktor ang impormasyon tungkol sa iyong karamdaman. Isasaalang-alang nila ang lahat ng mga katotohanan sa iyong kaso. Gagamitin nila ang medikal na ebidensiya mula sa iyong mga doktor at mga ospital, mga klinika o mga institusyon kung saan ka nagpagamot at lahat ng iba pang impormasyon. Tatanungin nila ang iyong mga doktor:

- Kung ano ang iyong medikal na karamdaman;
- Kung kailan nagsimula ang iyong medikal na karamdaman;
- Kung paano humahadlang ang iyong medikal na karamdaman sa iyong mga gawain;
- Kung ano ang ipinakita ng mga medikal na pagsusuri; at
- Kung anong paggamot ang natanggap mo.

Hihilingin din nila sa mga doktor ang impormasyon tungkol sa iyong kakayahang gumawa ng mga gawaing may kinalaman sa trabaho, tulad ng paglalakad, pag-upo, pagbuhat, at pagtanda ng mga tagubilin. Hindi hinihiling ang iyong mga doktor na magpasiya kung ikaw ay may kapansanan.

Maaaring kailanganin ng mga tauhan ng ahensiya ng estado ang karagdagang medikal na impormasyon bago sila makapagpasiya kung ikaw ay may kapansanan. Kung walang makukuhang karagdagang impormasyon mula sa mapagkukunan ng iyong kasalukuyang medikal na impormasyon, maaari kang hilingin ng ahensiya ng estado na magpunta sa isang di-karaniwang pagsusuri. Mas gusto naming gamitin and sarili mong doktor na susuri sa iyo, ngunit minsan ay kinakailangang ipagawa ang pag-susuri sa iba. Ang Social Security ang magbabayad para sa pagsusuring ito at sa ilang mga gastos na may kinalaman sa pagbibiyaha.

## **Paano kami nagpapasiya**

Gumagamit kami ng limang hakbang na proseso upang magpasiya kung ikaw ay may kapansanan.

### **1. Ikaw ba ay nagtrabaho?**

Kung ikaw ay nagtrabaho at ang iyong pangkalahatang kita ay higit sa isang takdang halaga bawat buwan, karaniwan hindi ka namin ituturing na may kapansanan. Ang halagang ito ay nagbabago bawat taon. Para sa kasalukuyang halaga, tingnan ang taunang *Pinagbuti* (Publikasyon Blg. 05-10003-TL).

Kung hindi ka nagtrabaho, o ang iyong pangkalahatang buwanang kita ay katumbas ng kasalukuyang halaga o mas kaunti, titingnan ng ahensiya ng estado ang iyong medikal na kondisyon.

## **2. “Malubha” ba ang iyong medikal na karamdaman?**

Upang makapagpasiya ang ahensiya ng estado kung ikaw ay may kapansanan, kailangang humahadlang nang malaki ang iyong medikal na karamdaman sa iyong kakayahang gumawa ng mga simpleng gawain—tulad ng paglalakad, pag-upo at pagtanda ng mga tagubilin—nang kahit man lamang isang taon. Kung ang iyong medikal na karamdaman ay hindi ganoon kalubha, ituturing ng ahensiya ng estado na ikaw ay walang kapansanan. Kung ang iyong karamdaman ay ganoon kalubha, magpatuloy sa pangatlong hakbang ang ahensiya ng estado.

## **3. Ang iyo bang medikal na karamdaman ay nasa Listahan ng mga Kapansanan?**

Ang ahensiya ng estado ay may Listahan ng mga Kapansanan na naglalarawan ng mga medikal na karamdaman na itinuturing na napakalubha kung kaya kusa silang nangangahulugang ikaw ay may kapansanan ayon sa ipinaliwanag ng batas. Kung ang iyong karamdaman (o kombinasyon ng mga medikal na karamdaman) ay wala sa listahang ito, titingnan ng ahensiya ng estado kung ang iyong karamdaman ay kasing lubha ng isang karamdaman na nasa listahan. Kung ang kalubhaan ng iyong medikal na karamdaman ay tumutupad o katumbas ng isang nakalistang kapansanan, pagpapasiyahan ng ahensiya ng estado na ikaw ay may kapansanan. Kung hindi, ang ahensiya ng estado ay magpatuloy sa pang-apat na hakbang.

## **4. Magagawa mo ba ang trabahong dati mong ginagawa?**

Sa hakbang na ito, ang ahensiya ng estado ay magpapasiya kung humahadlang sa iyo ang iyong medikal na karamdaman na magawa ang trabahong ginagawa mo dati. Kung hindi, pagpapasiyahan ng ahensiya ng estado na ikaw ay walang kapansanan. Kung oo, ang ahensiya ng estado ay magpatuloy sa panlimang hakbang.

## **5. Makakagawa ka ba ng ibang uri ng trabaho?**

Kung hindi mo magagawa ang trabahong ginawa mo dati, titingnan ng ahensiya ng estado kung magagawa mo ang ibang trabaho. Tinatasahan nito ang iyong medikal na karamdaman, ang iyong edad, edukasyon, dating karanasan sa trabaho, at anumang ibang kakayahang maaaring mayroon ka na maaaring

gamitin upang gumawa ng ibang trabaho. Kung hindi ka makakagawa ng ibang trabaho, pagpapasiyahan ng ahensiya ng estado na ikaw ay may kapansanan. Kung makakagawa ka ng ibang trabaho, pagpapasiyahan ng ahensiya ng estado na ikaw ay walang kapansanan.

## **Mga di-pangkaraniwang patakaran para sa mga bulag**

Mayroong ilang mga ibang di-pangkaraniwang patakaran para sa mga bulag. Para sa karagdagang impormasyon, humiling ng kopya ng *If You Are Blind Or Have Low Vision—How We Can Help (Kung Ikaw Ay Bulag O Malabong-malabo Ang Paningin—Paano Kami Makakatulong*, Publikasyon Blg. 05-10052— Magagamit lamang sa Ingles).

## **Sasabihin namin sa iyo ang aming kapasiyahan**

Kapag nakapagpasiya na ang ahensiya tungkol sa iyong kaso, padadalhan ka namin ng sulat. Kung ang iyong aplikasyon ay naaprubahan, ipapakita ng sulat ang halaga ng iyong benepisyo at kung kailan magsisimula ang iyong mga pagbabayad. Kung ang iyong aplikasyon ay hindi naaprubahan, ipapaliwanag ng sulat kung bakit at sasabihin sa iyo kung paano apelahin ang kapasiyahan kung hindi ka sumasang-ayon dito.

## **Paano kung hindi ako sumang-ayon?**

Kung ikaw ay hindi sumasang-ayon sa isang desisyong ginawa sa iyong kahilingan, maaari mo itong iapela. Ang mga hakbang na maaari mong gawin ay ipinapaliwanag sa *Ang Proseso ng Mga Apela* (Publication No. 05-10041-TL), na makukuha mula sa Social Security.

Ikaw ay mayroong karapatan na katawanin ng isang abogado o ibang may-kakayahang tao na iyong pinili kapag nakikipag-ugnayan sa Social Security. Para sa karagdagang impormasyon sa *Ang Karapatan Mo Sa Kinatawan* (Publication No. 05-10075-TL), na makukuha mula sa Social Security.

## Paano ka namin matatawagan

Sa pangkalahatan, kami ay gumagamit ng koreo o tatawagan ka sa telepono kung nais namin na tawagan ka tungkol sa iyong mga benepisyo, ngunit mayroong mga pagkakataon na isang kinatawan ng Social Security ang maaaring pumunta sa iyong bahay. Ang aming kinatawan ay magpapakita sa iyo ng pagkakakilanlan bago makipag-usap sa iyong tungkol sa mga benepisyo. Mas mainam na tawagan ang tanggapan ng Social Security upang alamin kung mayroong pinadalang tao para makipagkita sa iyo.

**Kung ikaw ay bulag at mayroong malabong paningin,** maaari kang pumili na makatanggap ng mga pabatid mula sa amin sa isa sa sumusunod na paraan: Ang iyong mga pagpipilian ay:

- Pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo (first-class mail);
- Pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng linalagdaang koreo (certified mail);
- Pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo at isang follow-up na tawag sa telepono;
- Pabatid na nakasulat sa Braille at isang pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo;
- Microsoft Word file na nakalagay sa isang data compact disc (CD) at isang pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo;
- Audio CD at isang pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo;
- Malalaking titik na pabatid (18-point na laki) at isang pangkaraniwang nasusulat na pabatid sa pamamagitan ng selyadong koreo;

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa aming website sa [www.socialsecurity.gov/notices](http://www.socialsecurity.gov/notices) o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213**. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**.

## Ano ang mangyayari kapag ang aking kahilingan ay naaprubahan?

Padadalhan ka namin ng sulat na nagsasabi na ang iyong aplikasyon ay naaprubahan, ang halaga ng iyong buwanang benepisyo at ang petsa ng kabisaan. Ang iyong buwanang benepisyo para sa kapansanan ay batay sa iyong karaniwang kikitain sa habang-buhay (average lifetime earnings). Ang iyong unang mga benepisyo para sa kapansanan ng Social Security ay babayaran para sa pang-anim na buong buwan matapos ang petsa nang nag-umpisa ang iyong kapansanan.

Naririto ang isang halimbawa: Kung nagpasya ang ahensya ng estado na ang iyong kapansanan ay nagsimula noong Enero 15, ang iyong unang benepisyo para sa kapansanan ay babayaran para sa buwan ng Hulyo. Ang mga benepisyo ng Social Security ay binabayaran sa buwan pagkatapos ng buwan kung kailan sila dapat bayaran, kung kaya't iyong matatanggap ang benepisyo para sa Hulyo sa Agosto.

Tatanggap ka rin ng kopya ng *Ano ang Dapat Mong Malaman Kapag Nakuha Mo Ang Mga Benepisyo sa Kapansanan* (What You Need To Know When You Get Disability Benefits, Publication No. 05-10153), na nagbibigay sa iyo ng mahalagang impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo at magsasabi sa iyo kung anong mga pagbabago ang dapat mong iulat sa amin.

## Maaari bang makakuha ng mga benepisiyo ang aking pamilya?

Ang ilan sa iyong mga kapamilya ay maaaring maging marapat para sa mga benepisiyo batay sa iyong trabaho. Kabilang dito ang:

- Iyong asawa, kung siya ay 62 taong gulang o mas matanda;
- Iyong asawa, sa anumang edad kung siya ay nag-aalaga ng anak mo na mas bata sa edad na 16 o may kapansanan;
- Ang iyong anak na walang asawa, kabilang ang isang inampon na bata, o sa ilang mga kaso, isang anak sa unang asawa o apo. Ang bata ay dapat wala pang 18 taong gulang o mas bata sa edad 19 na kasalukuyang nag-aaral sa elementarya o sekundaryang paaralan; at
- Ang iyong walang asawang anak, 18 taong gulang o mas matanda, kung siya ay may kapansanan na nagsimula bago ng edad na 22. (Ang kapansanan ng bata ay dapat din tumupad sa paglalarawan ng kapansanan para sa mga taong may sapat na gulang.)

**PAUNAWA:** Sa ilang mga kalagayan, ang isang diborsyadong asawa ay maaaring maging-marapa para sa mga benepisiyo batay sa iyong mga kita kung siya ay kasal sa iyo ng 10 taon man lamang at kasalukuyang walang asawa at 62 taong gulang man lamang. Hindi binabawasan ang halaga ng pera na ibinayad sa isang diborsyadong asawa ang iyong benepisiyo o anumang mga benepisiyo na dapat mapunta sa iyong kasalukuyang asawa o mga anak.

## Paano naapektohan ng ibang mga pagbabayad ang aking mga benepisiyo?

Kung ikaw ay tumatanggap ng iba pang mga benepisiyo ng guberno, ang halaga ng iyong mga benepisiyo ng Social Security para sa kapansanan ay maaaring maapektohan. Para sa karagdagang impormasyon, dapat mong tingnan ang sumusunod:

- *How Workers' Compensation And Other Disability Payments May Affect Your Benefits (Paano Maaaring Maapektohan ng Workers' Compensation At Iba Pang Mga Pagbabayad para sa Kapansanan Ang Iyong Mga Benepisyo, Publikasyon Blg. 05-10018— Magagamit lamang sa Ingles);*
- *Windfall Elimination Provision (Probisyon para sa Pagtanggap ng Windfall, Publikasyon Blg. 05-10045— Magagamit lamang sa Ingles); at*
- *Government Pension Offset (Ang Pag-offset ng Pensiyon sa Gobyerno, Publikasyon Blg. 05-10007— Magagamit lamang sa Ingles).*

Makukuha mo ang mga publikasyong ito mula sa aming website, o maaari mo kaming tawagan upang hilingin ang mga ito.

## Ano ang kailangan kong sabihin sa Social Security?

### **Kung ikaw ay mayroong isang nananatiling mandamiento de aresto (arrest warrant)**

Dapat mong sabihin sa amin kung ikaw ay mayroong nananatiling mandamiento de aresto sa alinman sa mga sumusunod na mga mabibigat na kasalanan:

- Pagpuslit upang iwasan ang pag-uusig at pagkakulong;
- Pagtakas mula sa kostudiya; at
- Tuluyang paglipad at pagtakas (flight-escape).

Hindi ka maaaring tumanggap ng regular na mga benepisyo para sa kapansanan, o anumang mga kakulangan ng bayad (underpayments) na nakatakdang bayaran sa iyo sa alinmang buwan kung saan mayroong isang nananatiling mandamiento de aresto para sa alinman sa mga mabibigat na kasalananang ito.

### **Kung ikaw ay nahatulan ng isang krimen**

Kaagad sabihin sa Social Security kung ikaw ay nahatulan ng isang krimen. Ang mga regular na benepisyo para sa kapansanan o anumang mga kakulangan ng bayad na nakatakdang bayaran ay hindi binabayaran para sa mga buwan na ang isang tao ay nakulong



dahil sa isang krimen, ngunit ang mga miyembro ng pamilya na marapat para sa mga benepisyo batay sa trabaho ng tao na iyon ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo.

Mga buwanang benepisyo o anumang mga kakulangan ng bayad na nakatakdang bayaran ay hindi ibibigay sa tao na gumawa ng isang krimen at nakakulong sa isang institusyon sa pamamagitan ng kautusan ng hukuman at gastos ng publiko. Ito ay ipinapatupad kung ang tao ay napatunayang:

- Walang kasalanan (not guilty) sa dahilang pagkasira ng ulo o magkaparehong mga sanhi (tulad ng sakit sa pag-iisip, depekto sa pag-iisip o kawalan ng pag-iisip); o
- Walang kakayahang humarap sa paglilitis.

## **Kung ikaw ay lumabag sa isang kondisyon sa parole o probasyon (probation)**

Kailangan mong sabihin sa amin kung ikaw ay lumalabag sa isang kondisyon sa iyong probasyon o parole na ipinataw sa ilalim ng batas pederal o estado. Hindi ka maaaring tumanggap ng regular na mga benepisyo para sa kapansanan o anumang nakatakdang bayaran sa iyo sa alinmang buwan kung saan ikaw ay lumabag sa isang kondisyon ng iyong probasyon o parole.

## **Kailan ako makakakuha ng Medicare?**

Makakakuha ka ng awtomatikong saklaw ng Medicare matapos na ikaw ay makatanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan nang dalawang taon.

## **Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa pagtatrabaho?**

Pagkatapos mong magsimulang makatanggap ng mga benepisyo para sa kapansanan ng Social Security, maaari mong naisin na subukang magtrabaho muli. Ang Social Security ay mayroong mga natatanging patakaran na tinatawag na mga insentibo sa trabaho (work incentives) na nagpapahintulot sa iyo na suriin ang iyong kakayahang magtrabaho, at patuloy pa ring tumanggap ng

buwanang mga benepisyo para sa kapansanan sa Social Security. Maaari ka ring makakuha ng tulong sa edukasyon, rehabilitasyon at pagsasanay na kailangan mo upang makapagtrabaho.

Kung ikaw ay mamamasukan sa isang trabaho o maging self-employed, mahalagang ipaalam kaagad ito sa amin. Kailangan naming malaman kapag ikaw ay nagsimula o huminto sa trabaho; at kung mayroong anumang mga pagbabago sa iyong mga tungkulin sa trabaho, oras ng trabaho o kabayaran sa sahod. Maaari ka ring tumawag sa amin ng libre sa **1-800-772-1213**. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari kang tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtulong sa iyo na bumalik sa trabaho, humiling ng kopya ng *Ang Pagtratrabaho Habang May Kapansanan—Paano Kami Makakatulong* (Publication No. 05-10095-TL). Isang patnubay sa lahat ng aming suporta sa pagtatrabaho ay mahahanap sa aming Pulang Aklat, Isang Buod na Patnubay sa Suporta sa Pagtatrabaho Para sa mga Indibidwal na May Kapansanan sa Ilalim ng Seguro ng Social Security Para sa Kapansanan at ng Mga Programa ng Social Security Disability Insurance (*A Summary Guide to Employment Support for Individuals with Disabilities Under the Social Security Disability Insurance and Supplemental Security Income Programs*, Publication No. 64-030). Bumisita rin sa aming website sa, [www.socialsecurity.gov/work](http://www.socialsecurity.gov/work).

## Ang Programa na ‘Ticket to Work’

Sa ilalim ng programang ito, ang mga benepisyaryo ng Social Security at ng Supplemental Security Income ay maaaring makakuha ng tulong sa pagsasanay at ibang mga serbisyo na kailangan nila upang makapagtrabaho **nang walang gagastusin**. Karamihan sa mga benepisyaryo ay tatanggap ng “ticket” na madadala nila sa isang tagatustos o nagkakaloob na kanilang pipiliin na maaaring magbigay ng uri ng serbisyo na kailangan nila. Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa programang ito, humiling ng kopya ng *Ang Iyong Ticket-to-Work (Your Ticket To Work)*, Publication No. 05-10061).

[www.socialsecurity.gov](http://www.socialsecurity.gov)



**Social Security Administration**  
SSA Publication No. 05-10029-TL  
Disability Benefits (Tagalog)  
June 2012